Gustung-gusto ko ang pag-aaral ng mga banal na kasulatan sa simbahan. Pero paano ako mag-aaral sa bahay kung hindi nagbabasa ng mga banal na kasulatan ang aking pamilya?

—*Naghahanap sa Salzburg*

## Mahal na Naghahanap,

Kahit hindi nag-aaral ng mga banal na kasulatan ang iyong pamilya, tandaan na magagawa mo ito! Gawin ang lahat ng iyong makakaya para makapagbasa bagama't nag-iisa ka, kahit paunti-unti bawat araw. Maaari kang magsimula gamit ang tsart sa pagbabasa sa mga pahina K12–K14. Basahin ang ilan pang ideya sa pahina K11!

May kasama ka man sa pagbabasa ng mga banal na kasulatan o wala, mapapasaiyo ang Espiritu Santo.

Hindi ka nag-iisa!


Ang *Kaibigan*

P.S. Narito ang isang scripture bookmark para sa iyo! Gupitin ito at pagdikitin.



"May **MAKAPANGYARIHANG** nangyayari kapag hangad ng isang anak ng Diyos na malaman pa ang tungkol sa Kanya at sa Kanyang Pinakamamahal na Anak. Walang ibang lugar na itinuro ito nang mas malinaw at makapangyarihan kaysa sa **AKLAT NI MORMON.**"

Pangulong Russell M. Nelson, "Ang Aklat ni Mormon: Ano Kaya ang Buhay Ninyo Kung Wala Ito?" Pangkalahatang kumperensya ng Okt. 2017.




PAGLALARAWAN NI C. B. CANGA